# Ang Programang Filipino ng mga Pang-estadong Unibersidad at Kolehiyo sa Rehiyon III:

## Batayang Pag-aaral Tungo sa Isang Akademikong Modelong Pangwika

DEXTER L. MANZANO

*Associate Professor ng Programang Pangkolehiyo sa mga Wika sa Tarlac State University. Nagtapos siya ng Doktor sa Edukasyon na dalubhasa sa Edukasyong Pangangasiwa at Master sa Edukasyon na dalubhasa sa Filipino. Ang kaniyang artikulo tungkol sa pagbuo ng isang glosaryo ay nailathala sa 3L: Language, Linguistics, Literature, Vol. 24, No. 2 (2018) na inilimbag ng Universiti Kebangsaan Malaysia. Kabilang sa mga interes niya sa pananaliksik ang leksikografi, pagpaplanong pangwika, edukasyong pangwika, at edukasyong pangangasiwa.*

**ABSTRAK**

Pangunahing layunin ng deskriptibong pag-aaral na ito na makabuo ng isang mungkahing akademikong modelong pangwika batay sa isinagawang pagsusuri sa kalagayan ng programang Filipino sa labintatlong pang-estadong unibersidad at kolehiyo sa Rehiyon III. Gumamit ng metodong triyangulasyon para sa pag-aaral kung kaya't ang mga nakalap na datos ay dumaan sa isang masikhay na pag-aaral, paghihimay sa bawat bahagi at pagsusuri sa kabuuang lawak at antas ng paglalarawan na siyang nagsilbing landas sa pagbuo ng isang mungkahing akademikong modelong pangwika. Natuklasan na walang pormal, malinaw, at tiyak na patakarang pangwika na ipinatutupad sa bawat pang-estadong unibersidad at kolehiyo sa Rehiyon III. Mula rito, nabuo ang isang mungkahing akademikong modelong pangwika na magbibigay-linaw sa patakarang pangwika sa apat na tunguhin at sa iba pang gawain ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo at maging sa mga gawaing ko-kurikular o ekstra-kurikular. Ang mga pangunahing yugto nito ay kinapapalooban ng pagpaplano, disenyo ng patakarang pangwika, konsultasyon at diseminasyon, implementasyon, at ebalwasyon. Gayumpaman, masasabing walang mga modelo

**ABSTRACT**

This descriptive research aimed to develop a proposed academic language model that was based on the results of the analysis of the status of the Filipino Language Program of the 13 State Universities and Colleges in Region III. Using the triangulation method, the data on both curricular and co-curricular areas were analyzed which were geared towards the development of an academic model in Filipino. It was found out that there is no coded or formal document about the language policies imposed in each state institution in the region. With this premise, an academic language model anchored on the four thrusts: instruction, research, extension, and production as well as curricular and co-curricular activities of an institution was developed. The major phases of the said model include language planning, language policy design, consultation, dissemination, implementation, and evaluation. Conclusively, there can be no language model that can terminate scholars' continuous attempt to realize different language programs.

**Keywords:** language planning, language policies, academic language model, Filipino language program, curricular activities, co-curricular activities

at patakaran ang makapagbibigay tuldok sa patuloy na pag-aaral at pagsasakatuparan ng mga programang pangwika.

**Mga susing salita:** Pagpaplanong Pangwika, Patakarang Pangwika, Akademikong Modelong Pangwika, Programang Filipino, mga Gawaing Kurikular at Ko-kurikular

**PANIMULA**

Nagpapamalas ang kapangyarihan ng wika ng kahandaan sa anumang pagpapaunlad nito upang lalo pang magamit nang may katatasan sa mga taong tumatangkilik nito. Kung gayon, marapat na bigyang-pansin ang napapaloob na programang pangwika ng isang akademikong institusyon. Maraming salik ang nakakiling sa mga programang pangwika na kung minsan ay naisasawalang bahala lalo pa at ito ay wikang Filipino na sa tingin ng ilan, wikang mas mahina kumpara sa prestihiyosong wikang Ingles. Ang mas mayamang kaalaman at mas pursigidong pananaliksik, pag-aaral, at pakikipaglaban sa kung anong wika ang mas nararapat mamayagpag sa bansang Pilipinas ay nagdudulot ng pagpapahalaga ng ilang mga Pilipino sa Ingles kaysa sa wikang pambansa. Subalit dapat iwaksi at ituon sa pag-aaral at pagpapalago ng pambansang wika ang walang hanggang pakikipaglaban sa disposisyong ito.

Sa pagpasok ng mga bagong kurso sa Filipino ayon na rin sa pagbabago at patuloy na pagpatupad ng K-12 kurikulum, mainam na mabigyan ng paglalarawan ang nakalipas na programa sa Filipino at gawing basehan sa mga bagong patakarang ipatutupad sa mga institusyon. Ang nakalipas na kurikulum ay hindi dapat bigyang tuldok bagkus ito ay marapat balikan at pag-aralan kung ano ang naging kahihinatnan ng programang Filipino at magsisilbi itong daluyan ng panibagong konsepto sa pagpaplanong pangwika. Sa layuning mailarawan at masuri ang nakalipas na programang Filipino sa mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo sa Rehiyon III, tinangka ng mananaliksik na mailarawan at masuri ito ayon sa mga kasalukuyang kaalaman sa programang pangwika (Constantino 2005, Gonzalez 2002, Richards 2001, Bobbit 1918). Sinikap nitong mailarawan at masuri ang kurikular at ko-kurikular na programa sa Filipino nang sa gayon ay mabigyan ng masusing pag-aaral kung ito ba ay nagpapakita ng isang proseso, kalakaran o *trend* sa lahat ng pang-estadong unibersidad at kolehiyo ng Rehiyon III. Ang tunguhing ito ay magbibigay ng diwang aral sa kung saang antas nakatuon ang mga programang ito, kung paano nabubuo ang mga pang-institusyonal na pagpaplano at pagsasakatuparan, ang kahihinatnan ng programa sa mga mag-aaral, ang pagsusuri sa kung saan napananatili at napauunlad ang Filipino sa Programang Pangkolehiyo.

Mahalaga ang paghihimay, pagsusuri, at pagtataya sa mga kaalaman tungkol sa wika batay sa praktis ng institusyon. Ayon kay Constantino (2005):

*Anumang pagbabagong dulot nito ay dapat tanggapin at tangkilikin. Nangangahulugan ito na pinag-iisipan o may tangkang suriin ang kabuluhan at pangangailangan ng dati na o ng narito na. Mahalaga ito lalo na sa larangan ng edukasyon, partikular sa kurikulum, dahil malaki ang epekto nito sa pangkalahatang kaunlaran hindi lang ng kaisipan kundi ng buong lipunan. Gayunpaman, ang anumang pagbabago lalo na sa isang demokratikong lipunan, gaya ng Pilipinas, ay laging nahaharap sa mga pagpuna at pagkilatis, konstruktibo man o hindi, lalo na kung nangangahulugan ito ng matagalang pagpapatupad at epekto (171).*

Ang mga simulaing nabanggit ang siyang naghimok sa mananaliksik na bigyang deskripsiyon ang programang Filipino ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo sa rehiyon. Ang mga kinalabasan ng pagsusuri sa mga impormasyong nakalap ay pinilit maging daluyan ng isang akademikong modelong pangwika na maaaring makatugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa gitnang Luzon.

May mga naisagawa nang pag-aaral sa programang Filipino at pagpaplanong pangwika (Jocson 2013; Abad, Constantino, Magracia, Rio-Apigo, Talegon, Tarun, Viray 2005; Liwanag 1996; Gonzalez 1996; Pineda 1985) sa bansa subalit wala pang nasumpungang pag-aaral na naglalarawan sa programang Filipino sa Rehiyon III na tumutumbok sa isang akademikong modelong pangwika. Kung kaya't ang mga layunin na hinangad makamit ng pananaliksik na ito ay upang: (1) mailarawan at masuri ang batayang programa sa Filipino batay sa kurikulum at mga gawaing ko-kurikular; (2) matukoy ang mga saligan na dapat isaalang-alang sa pagbalangkas ng isang akademikong modelong pangwika batay sa isinagawang pagsusuri sa kasalukuyang programa sa Filipino; at (3) makabuo ng isang mungkahing akademikong modelong pangwika na tutugon sa napapanahong pangangailangan ng mga mag-aaral ng pang-estadong unibersidad at kolehiyo sa Rehiyon III.

**Akademikong Modelong Pangwika**

Salig ang akademikong modelong pangwika sa mga simulaing ipinahayag ng mga dalubhasa sa pagpaplanong pangkurikulum at pangwika. Ayon kay Bell (23), ang modelo ay isang koleksiyon na nangangailangan ng mga simulain na siyang magsisilbing daluyan at batayan upang ang ibang bahagi nito ay makasunod alinsunod sa disenyo at katuturan nito.

May panawagan naman si Constantino (24) na palawakin ang Filipino at ang pagpaplanong pangwika sa dimensiyong pananaliksik. Sa kaniyang pagsulong sa mga gawaing pangwika, ipinahayag niya ang konsepto ng isang Deskriptibong Pagpaplanong Pangwika na tinatawag din namang Institusyonal na Pagpaplanong Pangwika na maaaring maipamalas sa mga modelong maaaring magamit bilang basehan nito. Layunin ng pagpaplanong pangwika na lutasin ang mga suliranin at ayusin ang mga sitwasyon at kalagayang pangwika sa pamamagitan ng mga mungkahing solusyon at manipulasyon tungo sa tahasang pagkilala sa wikang Filipino bilang asignatura at wikang pambansa.

Ipinamalas naman ni Haugen (80) ang apat na yugto ng pagpaplanong pangwika: (1) seleksyon, (2) kodipikasyon, (3) elaborasyon, at (4) implementasyon. Sa antas rehiyonal, ang apat na prosesong nabanggit ay nasa antas na ng pag-unlad bagama't hindi pa sapat ayon na rin sa mga nakalap na impormasyon, obserbasyon, at pagsusuring naganap sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito.

Sa kabilang dako, isang napakalaking kontribusyon ang inilatag ni Tarun (207) tungkol sa institusyonal na tunguhin sa pagpaplanong pangwika. Ayon sa kaniya, ang isang modelong programang pangwika ay marapat na nakapokus sa apat na tunguhin ng institusyon: instruksiyon, pananaliksik, ekstensiyon, at produksiyon. Ang apat na tunguhing ito ay nangangailangan ng seleksiyon na magamit ang wikang Filipino bilang wikang magtataguyod sa institusyonal na programa na angkop sa kakayahan ng bawat isa na umunawa at magpasiya ayon sa wikang nagpaparating ng mas masikhay na pagkaunawa. Maliban sa apat na tunguhing nabanggit, at batay na rin sa ginawang pag-aaral, marapat na isama ang ko-kurikular na programa sa pagbalangkas ng mga patakarang pangwika upang ganap na mahubog ang iba pang kakayahan at potensiyal ng mga mag-aaral.

Matutunghayan naman sa bahaging ito ang isang *linear* na proseso ng pagpaplanong pangwika sa kontekstong akademiko. Makikita sa prosesong ito na ang Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon o CHED ang nagpaplano at nag-uutos para sa lalamanin ng kurikulum. Anumang kinalabasan ng pagpaplano ay ipinatutupad ng mga administrador na siyang sinusunod ng mga guro at tinatanggap ng mga mag-aaral.





**Figura 1.** Linear na Proseso ng Pagpaplanong Pangwika sa Akademikong Konteksto

Ang kasalukuyang sistema ng pagpaplano sa programang Filipino ay nagmumula sa komisyon at sa mga may katungkulang magsagawa ng pagpaplano ng kurikular na gawain. Malimit makalimutang maisangkot ang mga guro sa malawakang pagpaplano. Ang mga guro na siyang unang nakakaalam sa pangangailangan at tunay na kabuluhan ng mga pagpaplanong pangwika ang saligan sa matagumpay na pagpapatupad ng isang programang pangwika (Richards 209).

Ang isang programang pangwika ay magiging ideolohikal lamang kung ang proseso ng pagpapalaganap ay sistematiko. Magiging sistematiko ang proseso ng programa kung patuloy itong isalang sa mga ebalwasyong maglalatag ng empirikal na batayan sa pagpapaunlad nito (Brown 217). Ang programang may sistematikong proseso ay laging handang tumupad at tumanggap sa anumang pagbabago, kung kaya ang cyclical na paglalarawan ay dapat mailapat sa isang modelong sasapol sa pangangailangan ng isang sistematikong programang pangwika. Sa mga simulaing nabanggit, pinagsikapan ng mananaliksik na buuin ang mga konseptong nakalap sampu ng mga resultang nagmula sa isang masusing pagsusuri sa ginawang deskriptibong paglalarawan sa tunay na kaganapan ng programa sa Filipino sa rehiyon. Kung gayon, matutunghayan sa pananaliksik na ito ang isang masusing paghimay, pagtumbok, at paglapat ng mga bahagi ng modelong aangkop sa pangangailangan ng mga institusyon sa rehiyon.

**Disenyo at Metodolohiya**

Ginamit ang deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik sa pag-aaral na ito. Nagbibigay ang deskriptibong pag-aaral ng isang malawakang paglalahad ng katotohanan na siyang magiging basehan ng pagpapasiya (Calmorin 26). Maliban dito, isang pag-aaral at pagsusuri sa nilalaman ng mga dokumento at sa kabuuang lawak at antas ng paglalarawan ang isinagawa na siyang nagsilbing landas sa pagbuo ng isang mungkahing akademikong modelong pangwika.

**Mga Kalahok**

Makikita sa sumusunod na talahanayan ang bilang ng mga guro at mag-aaral sa bawat institusyon na naging bahagi sa pag-aaral.

**Talahanayan 1**
Bilang ng mga Kalahok sa mga Pang-estadong Unibersidad at Kolehiyo sa Rehiyon III

| Unibersidad/Kolehiyo | Guro | Mag-aaral |
|---|---|---|
| Aurora State College of Technology (ASCOT) | 5 | 50 |
| Central Luzon State University (CLSU) | 5 | 50 |
| Nueva Ecija University of Science and Technology (NEUST) | 5 | 49 |
| Tarlac State University (TSU) | 5 | 50 |
| Tarlac Agricultural University (TAU) | 5 | 50 |
| Don Honorio Ventura Technological State University (DHVTSU) | 5 | 49 |
| Pampanga State Agricultural University (PSAU) | 5 | 50 |
| Philippine State College of Aeronautics (PSCA) | 1 | 50 |
| President Ramon Magsaysay State University (PRMSU) | 5 | 49 |
| Philippine Merchant Marine Academy (PMMA) | 1 | 50 |
| Bataan Peninsula State University (BPSU) | 5 | 50 |
| Bulacan State University (BulSU) | 5 | 50 |
| Bulacan Agricultural State College (BASC) | 5 | 48 |
| Kabuuan | 57 | 645 |

Labintatlong pang-estadong unibersidad at kolehiyo sa Rehiyon III ang mga naging kalahok sa pag-aaral. Bawat institusyon ay may kinatawang limang guro sa Filipino maliban sa PhilSCA at PMMA na may tig-isang guro sa Filipino lamang. Gaya ng pagpili sa mga guro, sa paraang pasumala rin nalikom ang 50 mag-aaral sa bawat institusyon. Sa mahalagang kadahilanan, may mga ilang kalahok ang hindi nakapagbalik ng mga instrumento datapwa't hindi naman ito nakaapekto nang malaki sa kinalabasan ng pag-aaral. Samakatwid, 57 na guro sa Filipino ang naging kasapi samantalang 645 naman ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral na naging kalahok.

**Mga Instrumento**

Gamit ang metodong triyangulasyon, tatlong mahalagang instrumento at teknik ang ginamit sa pagkalap ng mga datos mula sa mga guro at mag-aaral ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo sa rehiyon: (1) talatanungan, (2) panayam, at (3) obserbasyon.

Magkaibang talatanungan ang naipamudmod sa mga napiling tagasagot: talatanungan para sa mga guro at para sa mga mag-aaral. Bawat uri ng talatanungan ay nangangailangan ng paglalarawan sa kasanayan at impormasyon tungkol sa instruksiyon at ko-kurikular na mga gawain. Dagdag pa nito, nagsagawa rin ng mga impormal na panayam ang mananaliksik sa ilang mga administrador, guro, at mag-aaral. Nakapokus ang mga katanungan ng panayam sa mga isyu tungkol sa patakarang pangwika, suporta ng administrasyon sa Filipino bilang wikang pang-instruksiyon at pambansa, lawak ng partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa mga gawaing pangwika, maging ang papel ng Filipino bilang asignatura at wikang pambansa. Naging kapaki-pakinabang din ang mga likas na obserbasyong nakalap sa bawat pang-estadong unibersidad at kolehiyo. Maliban dito, naging mahalaga rin ang mga silabus at mga kagamitang pampagtuturo na nasumpungan sa mga institusyong naging kalahok sa pag-aaral.

**Balangkas ng Pag-aaral**

Sa panahong isinagawa ang pag-aaral, ilan sa mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo ay may Departamento ng Filipino (DHVTSU, NEUST, BPSU, CLSU, BulSU, BASC, PMMA, PAC, PRMSU, at ASCOT) ang ilan naman ay wala nito (TSU, TAU, at PRMSU). Kung kaya, ang pagkalap ng mga datos at naisagawang panayam ay dumaan sa mga departamento o kung wala man ito ay sa guro na lang dumiretso. Ang limang guro sa bawat institusyon ay naatasang kumuha ng tigsasampung mag-aaral sa paraang pasumala sa kanilang mga klase. Samantala, nagkaroon din naman ng pagkakataon ang mananaliksik na masuri ang kanilang mga silabus at makita ang kanilang mga kagamitang pampagtuturo at pasilidad sa Filipino. Sa mga pagkakataong may nasumpungang mga administrador (tagapangulo ng departamento at/o dekana), iba pang mga guro at mga mag-aaral, sinikap ng mananaliksik na makapanayam sila kahit sa impormal na paraan lamang upang makakuha pa ng ilang impormasyon ukol sa patakarang pangwika, suporta ng administrasyon sa Filipino bilang wikang pang-instruksiyon at pambansa, lawak ng partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa mga gawaing pangwika, maging ang papel ng Filipino bilang midyum ng instruksiyon.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Dumaan ang mga nakalap na datos sa isang masikhay na pag-aaral, paghihimay sa bawat bahagi at pagsusuri sa kabuuang lawak at antas ng paglalarawan na siyang nagsilbing landas sa pagbuo ng isang mungkahing akademikong modelong pangwika. Naisakatuparan ang pagsusuri sa mga nagamit na dokumentong nakalap sa mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo. Ang lahat ng nakalap na datos ay nilangkapan ng paglalarawan na siyang naging batayan ng pagpapasiya ng mga tuntunin, gawain, balangkas, pamamahala, saklaw ng implementasyon, at pagpapabuti ng programa tungo sa pagbuo ng isang akademikong programang pangwika.

**KINALABASAN NG PAG-AARAL**

**Paglalarawan sa Batayang Programa sa Filipino ng mga Pang-estadong Unibersidad at Kolehiyo sa Rehiyon III**

Lumabas sa pag-aaral na walang pormal, malinaw, at tiyak na patakarang pangwika ang mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo sa Rehiyon III. Ito ay dulot ng kawalan ng lokal na komite na siyang mangunguna sa pagsulong ng mga gawaing pangwika, magbalangkas ng tuntunin ng wika ayon sa gamit nito sa pagtuturo at pagkatuto. Isang nakapanlulumong katotohanan sa kasalukuyan subalit hindi kailanman mapagkakaila na ang pagkalito sa kung anong mayroon sa programang pangkurikulum at gawaing ko-kurikular ay hindi masabi ng mga pinagtutuunan kung mayroon nga bang programang pangwika o wala. Ang isang programang pangwika ay nagangailangan ng mga tuntuning marapat sundin, mga gawaing konsistent o regular na naisasagawa, may komiteng tagapagsulong sa pagpapanatili at pagpapabuti nito, may mga gawaing nakadisenyo sa isang taon, may malinaw na gawaing pangkurikulum at ko-kurikular, may malinaw na diseminasyon sa programa, nalalapatan ng angkop na ebalwasyon, at higit sa lahat may malinaw na tunguhin na naglalaman ng lahat ng taong kasangkot sa akademikong komunidad.

Tunghayan ang mga danas ng mga institusyon batay sa limang tunguhin: instruksiyon, pananaliksik, ekstensiyon, produksiyon, at ko-kurikular.

**A. Instruksiyon**

Hindi magiging maayos ang pagpapatupad sa kurikulum sa antas tersiyarya kung hindi magiging kaaya-aya ang karanasan ng mga mag-aaral sa pag-aaral sa mga asignatura. Tandaan na ang kurikulum ay isang malawakang konsepto tungkol sa lahat ng gawain ng mag-aaral ayon na rin sa layunin ng institusyon. Hindi lamang ito ayon sa kung ano ang natututuhan ng mag-aaral, subalit kung paano nila ito natutuhan, kung paano nakatutulong ang mga guro sa kanilang ganap na pagkatuto gamit ang mga angkop na kagamitang pampagtuturo, estilo, metodolohiya, pagtataya, at sa kung anong uri ng pasilidad mayroon ang unibersidad o kolehiyo (Rodgers 1989, 27). Ayon naman kay Constantino (2005):

> *Layunin ng tersiyaryong kurikulum na tulungan ang mag-aaral na makita ang tao bilang isang integral na nilalang na bahagi hindi lang ng kaniyang bansa kundi pati ng global na komunidad. Naglalayong umangkop at tumugon ang*

*Kurikulum ng Programang Pangkolehiyo sa Filipino sa mga hamon at kahingian ng bagong milenyum. Pag-unlad at pagbabago, kasabay ng pagpapanatili sa mga pamanang pagpapahalagang tutulong sa pagpapatatag ng kultura ng inaasahang matutugunan ng nasabing kurikulum (169).*

Ayon sa pagsusuri, naging batayan ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo ang ipinalabas na Memorandum Bilang 4, Serye ng 1997 tungkol sa *bilang ng yunit* sa mga kursong HUSOKOM (Humanities, Social Sciences, Communication) at di-HUSOKOM (siyentipiko at teknikal). Naging matapat ang mga administrador at kaguruan sa pagpapatupad nito. Anim na yunit ang ipinapatupad sa mga di-HUSOKOM na kurso samantalang siyam na yunit naman sa mga HUSOKOM na kurso. Sa Memorandum Bilang 11, Serye ng 1999 naman inilatag ang bilang ng yunit sa mga institusyong pangguro o Teacher Education Institution. Tingnan ang nakalipas na balangkas ng yunit sa Filipino sa mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo:

**Talahanayan 2**
Balangkas ng Yunit sa Filipino

| HUSOKOM | Di-HUSOKOM | TEI |
|---|---|---|
| 9 Filipino | 6 Filipino | 6 Filipino |
| 0 Panitikan | 0 Literatura | 3 Literatura |

Isang hudyat ang pagkakaltas sa bilang ng yunit sa bawat disiplina ng pagpapasikip sa daluyan ng pagpapalaganap sa wikang Filipino. Kung bubusisiin at hihimayin ang ganitong tuntunin, isa itong limitasyon sa pagpapayabong ng kasanayan at kamalayang Pilipino. Totoo na ang wika ay nahahasa at natutuhan sa likas na pakikipagtalastasan, subalit ang uri at antas ng katatasan sa akademikong konteksto ay kaiba sa nakagisnang uri ng wikang Filipinong likas na gamit sa pakikipagtalastasan. Dito lumalabas ang kahinaan ng programa, sapagkat ang simulain na nakatatak sa isipan ay nagdudulot ng higanteng suliranin sa mga kasanayang malimit masumpungang kahinaan – ang pagsulat sa teknikal na aspekto, katulad ng pananaliksik, sulat, ulat at dagdag pa rito, ang walang kamatayang isyu sa pag-uugali ng bawat indibidwal sa wikang Filipino.

Suriing mabuti kung anim na yunit lamang ang ipinatutupad ng mga pang-estadong institusyon, saan masusumpungan ang katatasan sa pagpapahayag at kung siyam na yunit naman, hindi rin mahahagilap ang panitikan ng mga Pilipino na kalimitang nagpapaalala sa nakagisnang kultura at pagpapahalaga. Tandaan na karamihan sa mga mag-aaral ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo ay nagmula sa mga kasapi ng lipunang kulang sa pribilehiyong sosyal kaya malimit Filipino ang gamit sa pakikipagtalastasan sa iba't ibang minoryang grupo. Dagdag pa rito, madalang sa mga mag-aaral ang may katatasan sa Filipino gaya ng ilang mag-aaral sa BulSU, NEUST, CLSU, at DHVTSU sapagkat karamihan ito ang unang wika nila, subalit karamihan ay gumagamit ng Pampango at Iluko at ang ilan ay Zambal, Pangasinense, at Visayan. Masasabing madalang ang may unang wika nito kaya katulad ng Ingles, hindi ito ganoon kadali sa mga mag-aaral.

Samantala, ang mga modelong *silabus* na dinisenyo ng komite ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon ay naging batayan ng lahat ng *nilalaman* ng pagtuturo sa Filipino at kahit taunan ang ipinahayag na pagrerebisa sa mga silabus, hindi ito naging kapaki-pakinabang sa kanila dahil sa mga institusyonal na kadahilanan. Tunghayan ang mga institusyonal na kadahilanan sa pagrerebisa ng silabus:

**Talahanayan 3**

Institusyonal na Kadahilanan sa Pagrerebisa ng Silabus

| |
|---|
| 1. Karamihan sa mga pang-estadong unibersidad ay nagrerebisa ng silabus kada taon. May ilan din naman na kada tatlong taon lamang ang pagrerebisa ayon na rin sa direktiba ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon at mayroon ding kada semestre ang pagrerebisa ayon na rin sa pangangailangan ng programa. |
| 2. Ginagawa ang pagrerebisa dahil sa iba-ibang katangian ng mga mag-aaral. |
| 3. Ginaganap ang pagrerebisa kapag bakasyon (kalimitan tuwing tag-init) na dinadaluhan ng mga guro sa Filipino. Kalimitan, hindi nakadadalo ang lahat ng kaguruan at kalimitan din naman ay iilang guro lamang ang nagkakaroon ng input sa rebisyon kaya kadalasan kaniya-kaniya na lamang depende sa pangangailangan ng mga mag-aaral. |
| 4. Ibinabatay naman ng ilan ang organisasyon ng kanilang silabus sa aklat na kanilang ginagamit. |
| 5. Kalimitang organisasyon o ang pagkasunod-sunod ng mga paksa lamang ang nababago at hindi ang pagpapaunlad ng nilalaman. |

Sa mga nabanggit na kadahilanan, masasabing walang kongkreto at regular na panahon at batayan ng pagrerebisa ng mga silabus. Hindi magkakatugma ang konsepto sa pagrerebisa at ang pangunahing tunguhin ay naisasantabi. Dagdag pa rito, ang pagkakaniya-kaniya ng mga guro sa mga silabus na nakatalagang pagyamanin nila sa halip na kolaborasyon ng departamento kung saan makapagbibigay sana ang bawat guro ng konseptong magpapayaman sa bawat asignatura. Lalong naging imposible ang konsepto ng kolaborasyon sa pagrerebisa sa mga institusyong katulad ng PhilSCA at PMMA sapagkat nag-iisa ang guro sa Filipino. May kahirapan ang pagiging mag-isang guro sa isang pang-estadong unibersidad at kolehiyo sapagkat nakaatang sa balikat ang lahat ng gawaing pangwika, mula sa kurikulum hanggang ko-kurikular na gawain ay kaniyang bibigyang-pansin upang matugunan ang tunguhin ng Filipino sa pang-edukasyong konteksto. Samantala, may kolehiyo namang napagkalooban ng mga guro sa Filipino, katulad ng TAU at PRMSU, subalit nakatalaga ang bawat isa sa isang partikular na kolehiyo at sa kaniya nakaatang ang kurikulum at ko-kurikular na gawain nito. Gayumpaman, hindi naman nagkakaroon ng pagkakataon ang mga gurong ito na magsama-sama upang talakayin at isaayos ang bawat gawaing pangwika. Sa mga sitwasyong ganito, mahirap pa rin ang mag-isa sapagkat ang bawat guro ay nangangailangan ng ibang konsepto o kaalaman na siyang magpapapaunlad sa kaniyang kaalaman at kakayahan sa pagpapalawig ng programa sa Filipino.

Samantala, ang mga *kagamitang pampagtuturo* katulad ng aklat ay napansing naging batayan ng pagsasaayos ng mga nilalaman at organisasyon ng silabus. Naging sentro ng kurikulum ang aklat at ang lahat ng guro at mag-aaral ay marapat gumamit ng aklat na itinakda ng departamento. Sa mga nakapanayam na guro, kanilang nabanggit na sa kadahilanang may kakulangan ng sanggunian, kalimitan ang aklat na itinakda ng kolehiyo o departamento ang naging batayan ng nilalaman at organisasyon ng kanilang silabus. Ito ay naging kapaki-pakinabang sa kanila sapagkat nakapasok na sa iisang aklat ang lahat ng mga paksang tatalakayin sa isang buong semestre. Hindi na naging sagabal ang paghalungkat o paghahanap man lamang ng mga reperensiyang magpapalawak sa kanilang paksa.

Maliban sa aklat, may mga kagamitang pampagtuturo naman katulad ng telebisyon, kompiyuter, LCD projector, at OHP na maaaring gamitin ng mga guro sa pagbibigay instruksiyon sa Filipino. Gayumpaman, kailangang magpaalam sa mga kinauukulan, sa dekano ng kolehiyo, upang magamit ang mga ito. Hindi naging kapaki-pakinabang sa kanila ang mga ganitong kagamitan sapagkat ang mga guro sa Filipino ay sadyang naging tradisyonal sa kanilang mga kagamitang pampagtuturo, ang aklat, pisara at tisa ang kanilang naging kaakibat sa pagtuturo. Subalit kung susuriin, hindi matatawaran ang kahusayan ng tradisyonal na pamamaraan. Hindi pa rin ito kayang pantayan ng anumang teknolohiyang hatid ng modernisasyon sapagkat ang guro ang susi ng kaalaman at siya ang pinakamahalagang pangangailangan sa anumang larang ng pagtuturo.

Sa implementasyon ng kurikulum, tipikal pa rin ang silid-aralan bilang *pasilidad* na pinagdarausan ng klase sa lahat ng unibersidad at kolehiyo. Sapagkat lektyur at talakayan ang naging paraan ng kanilang pagtuturo, ang silid-aralan ang naging pinakamahalagang pasilidad sa instruksiyon. Hindi na ito matatawaran sa ilang mga unibersidad na dahil sa kakulangan ng silid-aralan, sa ilalim ng puno na lang sila nagkaklase. Maaari din naman ito kung ang mga tinuturuan ay mangilan-ngilan lamang, minsanan lamang, at kung panitikan ang pinag-uusapan upang maiba naman ang lugar at kung sa tingin ng guro ay makatutulong upang maibsan ang pagkasuya sa apat na sulok ng silid-aralan. Subalit, kung sa isang buong semestre ito nangyayari, hindi na ito nagiging kaaya-aya at hindi na magiging maganda ang kalalabasan ng programang pangkurikulum.

Samantala, hindi naging kultura ng mga unibersidad at kolehiyo na magsagawa ng pagtataya sa buong kaganapan ng kurikulum. Walang mga empirikal na batayan ang mga guro upang kanilang malaman ang kahusayan at kahinaan ng kanilang kurikulum. Naging kaugalian na nilang magrebisa ng kanilang kurikulum batay sa kanilang mga obserbasyon at batay na rin sa kung ano ang itinakda ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon. Walang empirikal na batayan na siyang susuporta sa pamantayan o sa mga patakarang kanilang isinasagawa. Ang pagtataya ay nakatutulong nang husto sa pagpapayaman kung hindi man sa pagbabago ng isang kurikulum. Dito nalalaman ang mga nararapat na hakbang upang lalong maisulong ang epektibong pagpaplano at implementasyon ng isang programang pangwika.

Kung kaya, ang kurikulum sa Filipino ay marapat pag-aralan pa nang mas malaliman. Ang tunguhin, lawak o bilang ng yunit sa bawat disiplina, nilalaman, organisasyon, kagamitang pampagtuturo, pasilidad at ebalwasyon nito ay marapat isaalang-alang upang maging kapaki-pakinabang ang buong programa. Sa patuloy na pagbuo ng mga bagong kaisipan sa konteksto ng kurikulum ng may mataas na pagpapahalaga sa wika at kultura, mabibigyang-saysay ang tunay na kaganapan ng wikang Filipino sa isang akademikong aspekto. Kaya, ang pag-aaral ng wika ay hindi dapat nakahiwalay sa pagpapahalaga ng kultura at sa pagsasabuhay ng tunay na gamit ng wika. Samakatwid, nangangailangan ang kurikulum ng mga gawaing magbibigay-diwa o kaganapan nito – ang ko-kurikular na aspekto ng pag-aaral ng wika at kultura.

**B. Pananaliksik**

Hindi naging kultura ng mga guro at mag-aaral ang magsulat ng saliksik gamit ang wikang Filipino, maliban sa mga gurong nasa erya ng Filipino. Sa mga nakalap na datos, napansin ang kahinaan ng mga guro at mag-aaral sa teknikal na pagsulat ng mga saliksik, artikulo, ulat o report, at iba pa (tingnan ang Talahanayan 5) gayundin naman sa mga malikhaing pagsulat ng kuwento, tula, sanaysay, dula, at awit. May kalakasan sila sa pagsasalita, kahit sabihing may punto ang bawat salitang binibitawan. Ito ay sa kadahilanang magkaiba ang anyo ng pagsasalita at pagsulat dagdag pa rito ang magkaibang deskriptibong estruktura ng Filipino sa nakagawian nang paraan ng pagsulat sa Ingles. Nangangailangan ang pasulat na anyo ng wika ng pormal na mga salita at termino na kaiba sa mga impormal na anyo nito. Maliban dito, kakaunti lamang ang mga reperensiyang maaaring magamit upang maging batayan sa pagsulat ng mga nabanggit na uri ng mga lathalain. Bunga nito, kinakailangan ng mga pagsasanay sa pagsulat ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagbuo ng mga organisasyon ng mga manunulat sa Filipino, pagsasanay sa mga manunulat o mag-aaral ng Filipino sa pamamagitan ng kumperensiya at seminar-worksyap, pagbibigay ng pribilehiyo sa mga manunulat na magkaroon ng sariling publikasyon sa Filipino, pagpapalimbag ng mga teknikal na papel sa Filipino gaya ng tesis at disertasyon upang maging basehan sa aspektong pananaliksik, at pagdadagdag ng mga asignatura sa Filipino na lilinang sa kakayahan sa pagsulat ng mga malikhain at teknikal na papel.

Sa ganitong pangangailangan, marapat din namang magtalaga kung ilang bahagdan ang paggamit ng Filipino sa mga publikasyong pangkampus. Marapat isaalang-alang ang pagkahati ng mga artikulo o sanaysay na dapat maisulat sa Filipino at Ingles. Dapat din namang subukan ang pagsulat ng mga liham at ulat sa Filipino upang mas mapadali ang pag-unawa at mabigyan ng tamang posisyon ang wikang Filipino sa akademikong konteksto. Sa paraang ito, maipamamalas ang parehong pagsuporta sa dalawang wikang opisyal ng bansa.

Mapapansin ang kakulangan ng mga reperensiyang tesis at disertasyon ng mga mag-aaral na nasa batsilyer at gradwadong antas sa mga pang-estadong institusyon. Ingles ang wikang kinikilala sa pananaliksik at masusumpungan lamang ang Filipino sa mangilan-ngilang pag-aaral ng mga mag-aaral na nasa erya ng pagpapakadalubhasa sa Filipino, at

alternatibong wika naman ito sa mga pananaliksik sa Kasaysayan o history at Sikolohiya. Dahil iilan lang din naman ang mga pang-estadong institusyon sa rehiyon ang nag-aalok ng Filipino bilang isang disiplina sa batsilyer at gradwadong antas, kakaunti o halos wala nang mahagilap sa mga silid-aklatan na mga saliksik na nasusulat sa Filipino. Dahil alternatibong wika lamang din ito sa ibang erya ng pananaliksik, hindi naging malawak at maigting ang pananaliksik gamit ang wikang Filipino. Hindi rin ito naging kaaya-aya sa mga mag-aaral sapagkat kulang ang mga reperensiyang aklat, journal, tesis, at disertasyon na nasusulat sa wikang Filipino kaya sa tingin nila ay sadyang mahirap makakuha ng mga kaugnay na panitikan at pag-aaral na maaaring magamit sa kanilang papel. Kung pipilitin man, kailangan nila ng sapat na kaalaman sa pagsasaling-wika upang matugunan ang kanilang pangangailangan.

Gayundin naman sa mga saliksik na nakalimbag sa mga propesyonal na journal ng mga unibersidad at kolehiyong kasangkot sa pag-aaral, masuwerte na kapag may isang kontribyutor o mananaliksik na nakapagpalimbag ng saliksik sa wikang Filipino. Hindi kaaya-aya at sadyang mahirap para sa mga guro ang magsulat ng saliksik gamit ang wikang Filipino sapagkat ang ortograpiya, kaugnay na panitikan at pag-aaral na nasusulat sa Filipino, at kakulangan sa kasanayan sa pagsulat sa Filipino ang naging mga balakid sa paggamit ng Filipino sa pananaliksik.

**C. Ekstensiyon**

Wikang Filipino ang ginagamit ng mga institusyon sa pagbibigay ng impormasyon at pagtulong sa mga mamamayan sa labas ng unibersidad o kolehiyo. Ilan sa mga institusyon katulad ng TSU ay gumagamit ng mga pormularyong nasusulat sa Filipino, nagsasagawa ng mga programang pangkomunidad gaya ng seminar-worksyap at pagsasanay sa Filipino, at gumagamit din ng wikang Filipino o bernakular sa implementasyon ng mga proyekto maging sa pagpapalaganap ng mga bagong tuklas na karunungan sa siyensiya at teknolohiya.

**D. Produksiyon**

Sa kaso ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo sa Rehiyon III, naging mahina ang produksiyon gamit ang wika. Walang nagsasagawa ng mga iskolarling pag-aaral at pagpapalimbag ng mga tesawrong maaaring maging gabay sa pag-aaral ng wika. Nangangailangan ang mga ganitong gawain ng pagkamasinop sa mga salita at terminong nakalap upang makalikha ng isang tesawrong makatutulong sa mga guro at mag-aaral lalong-lalo na sa mga hindi Tagalog. Sa mga nakalap na datos, binanggit ng mga mag-aaral ang kanilang kahinaan sa paggamit ng mga salita. Nangangailangan sila ng mga tesawrong makatutulong sa kanila upang kanilang malaman ang iba't ibang gamit ng mga salita.

Sa pagpapalimbag ng mga aklat, ang erya ng Filipino lamang ang gumagamit ng mga aklat na nakalimbag sa wikang Filipino. Ang ibang araling maaari namang maituro gamit ang Filipino (Rizal at Kasaysayan) ay gumagamit ng mga aklat na nakalimbag sa Ingles. May kahinaan ang produksiyon ng mga aklat na nalilimbag sa wikang Filipino sa mga pang-estadong institusyon sa Rehiyon III.

Maliban dito, isang malaking pangangailangan sa pagpapalawak ng opsiyon ng wika ang pagsasalin. Batay sa mga nakalap na datos, parehong mga guro at mag-aaral ay walang pormal na kaalaman at kasanayan sa pagsasalin kaya hindi naging popular at hindi kalugod-lugod sa kanila ang pagsulat sa Filipino. Hindi maikakaila ang kahalagahan ng pagsasalin mula Ingles tungong Filipino sapagkat ito ay isang opsiyong pangwika na humihimok sa intelektuwalisasyon at modernisasyon ng wikang Filipino. Dahil sa intelektuwalisasyon, ginagamit ang wika bilang midyum ng akademikong diskurso, oral man ito o nakasulat at sa ganitong paraan lalong napagyayaman, napag-aaralan, napauunlad, at napananatili ang wika at kultura. Ang modernisasyon naman ay tumutukoy sa *intertranslatability* o kakayahang maisalin ang bawat salita sa Ingles patungo sa Filipino (Constantino 5). Kung nalalaman at nakasanayan na ang pagsasalin, maaaring maging agresibo ang bawat isa na maisalin ang mga salitang Ingles sa Filipino. Paraan ito upang unti-unting tumimo sa isipan na ang wikang Filipino ay isang maunlad na wikang maaaring makatugon sa pangangailangan ng pagsasalin. Ayon kay Tarun (Constantino 215) ng Isabela State University, makikita ang suporta sa elaborasyon ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagsasalin sa pangalan ng unibersidad, mga opisina, at departamento nito. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagsulat ng salin sa anyong maliit na letra sa ibaba ng isinalin. Sa mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo sa Rehiyon III, hindi nakitaan ng mananaliksik ang pagsasalin sa mga pangalang nabanggit. Kung sakali mang gagamitin ang Filipino, direkta itong ginagamit, subalit sa mga unibersidad at kolehiyong may sariling *Departamento ng Filipino* lamang. Ang ilan naman ay nakasama lamang sa mga opisinang pangwika, kaya magkasama ang mga guro sa Ingles at Filipino kaya mas nangingibabaw pa rin ang gamit ng Ingles at ang Filipino ay tila waring natabunan nito.

**E. Ko-kurikular**

Mga ko-kurikular na gawain ang nagbibigay kaganapan sa kurikulum. Nagbibigay buhay ito sa kurikulum at nagpapaunlad sa aspektong intelektuwal at sosyo-kultural ng mga mag-aaral. Ilan sa mga ko-kurikular na gawain ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo ay nahahati sa dalawang antas: (1) institusyonal at (2) rehiyonal. Naging kaugalian na sa mga unibersidad at kolehiyo na magsagawa ng mga institusyonal na programa at patimpalak na nagiging kapaki-pakinabang upang kanilang maihanda ang kanilang mga kalahok sa mas mataas pang larangan, ang rehiyonal na pakikilahok sa mga gawaing pampanitikan at pangkultura na sasalamin sa mayamang wika at kultura ng mga Pilipino. Naipapakita ang mga katutubong kasanayang pangwika at kultura sa mga institusyonal na programa at paligsahan na kanilang naipamamalas sa mga rehiyonal na patimpalak. Kaya sa antas rehiyonal, naipamamalas ang kros-kultural na perspektiba ng wika. Ang bawat kalahok sa iba't ibang institusyon ay may natatanging kulturang naipamamalas sa kanilang mga sayaw, talumpati, tula, awit, at pagsulat sa Filipino na naglalarawan sa kung anong wika at kultura ang dala-dala nila. Narito ang ilang ko-kurikular na gawain ng bawat unibersidad at kolehiyo sa Rehiyon III.

**Talahanayan 4**
Mga Ko-kurikular na Gawaing Pangwika

| Unibersidad/Kolehiyo | Ko-kurikular na Gawain |
|---|---|
| ASCOT | Buwan ng Wika, Inter-kampus/Panrehiyong Paligsahan: Pagsulat ng sanaysay at tula, Talumpati |
| CLSU | Buwan ng Wika, Inter-kampus/Panrehiyong Paligsahan: Debate; Pagsulat ng sanaysay, tula, at maikling kuwento; Talumpati; Dula; Pinoy Henyo sa Fil 100; Fliptop; Patinikan sa Panitikan; Pagsulat sa publikasyong pangkampus |
| NEUST | Buwan ng Wika, Inter-kampus /Panrehiyong Paligsahan: Debate; Pagsulat ng sanaysay, tula, at maikling kuwento |
| TSU | Buwan ng Wika, Inter-kampus/Panrehiyong Paligsahan: Debate; Pagsulat ng sanaysay, tula, at maikling kuwento; talumpati; Pagsulat sa publikasyong pangkampus |
| TAU | Buwan ng Wika, Inter-kampus/Panrehiyong Paligsahan: Pagsulat ng sanaysay at maikling kuwento; Talumpati; Dula; sayawit |
| DHVTSU | Buwan ng Wika, Inter-kampus/Panrehiyong Paligsahan: Debate; Pagsulat ng sanaysay, tula, at maikling kuwento |
| PSAU | Buwan ng Wika, Inter-kampus/Panrehiyong Paligsahan: Debate; Pagsulat ng sanaysay, iskript, tula, at maikling kuwento; Talumpati; Pagsulat sa publikasyong pangkampus |
| PhilSCA | Buwan ng Wika, Panrehiyong Paligsahan: Pagsulat ng sanaysay at tula, talumpati |
| PRMSU | Buwan ng Wika, Inter-kampus/Panrehiyong Paligsahan: Pagsulat ng sanaysay, tula, maikling kuwento, at talumpati |
| PMMA | Buwan ng Wika, Pagsulat ng sanaysay at tula, Talumpati |
| BPSU | Buwan ng Wika, Panrehiyong Paligsahan: Pagsulat ng sanaysay, at tula, talumpati |
| BulSU | Buwan ng Wika, Inter-kampus/Panrehiyong Paligsahan: Pagsulat ng sanaysay, tula, at maikling kuwento; Talumpati, Dula |
| BASC | Buwan ng Wika, Inter-kampus/Panrehiyong Paligsahan: Pagsulat ng sanaysay, tula, at maikling kuwento; talumpati |

Hindi matatawaran ang pagiging makabayan ng mga administrador, guro, at mga mag-aaral sa mga unibersidad at kolehiyo ng Rehiyon III. Nagdaraos ang lahat ng Buwan ng Wika, simbolo ng hindi pagkalimot sa Filipino bilang wikang pambansa. Sa kadahilanang ang Sentro ng Wikang Filipino-Rehiyon III ay nakabase sa Tarlac State University, hindi maiwasang may nasyonalismong epekto ang aktibong pagsulong ng sangay sa pambansang wika. Ramdam ng buong rehiyon ang epekto kaya walang patid ang pagdiriwang ng buwan ng wika sa bawat pang-estadong unibersidad at kolehiyo sa rehiyon.

Samantala, mapapansing karamihan sa mga institusyon ang nagsasagawa ng inter-kampus na paligsahan habang ang ilan naman ay hindi nagsasagawa nito. Ayon sa mga gurong nakapanayam, ang inter-kampus na paligsahan ay naisasagawa sa kabila ng maliit na pondong nailalaan sa mga papremyo sa mga nananalong kalahok. Ayon sa kanila, may

mga taon din namang hindi sila nagsasagawa nito dahil wala silang makuhang suportang pinansiyal sa mga kinauukulan. Sa mga institusyong hindi nagsasagawa nito, hinaing ng mga guro ang kakulangan sa suporta ng administrasyon sa mga gawaing pangwika. Dahil kinakailangan nilang makilahok sa rehiyonal na paligsahan ng *Development Council of State Universities and Colleges in Region III* at *Center for Inter-institutional Research and Policy Studies* (DC-SUC III/CIRPS), ito na lang ang kanilang pinaghahandaan. Kahit walang labanan sa antas institusyonal, mahalaga na rin sa kanila ang makasali sa rehiyonal na paligsahan at dito lang sila nakakakuha ng pondo sa institusyon. Mapapansin din naman na halos magkakapareho ang mga partikular na gawain, kagaya ng pagsulat ng sanaysay, tula, at maikling kuwento; at ang pakikilahok sa mga talumpati, dula, at sayawit. Naging tradisyon ang mga ganitong patimpalak kung kaya naging pokus ang pagsasanay sa mga bata sa mga ganitong gawain. Samantala, ilang partikular na gawain katulad ng *Pinoy Henyo sa Fil 100*, *Fliptop*, at *Patinikan sa Panitikan* ay naipamalas din sa institusyonal na gawain ng CLSU na maaari din namang gayahin ng ibang institusyon upang lalong mapagyaman ang mga gawaing pangwika. Kapaki-pakinabang ang pagsilip sa mga gawaing ko-kurikular ng bawat isang institusyon sapagkat dito nakakakuha ng mga bagong konsepto ng pagpapalawig sa wika at kultura. Maaaring gayahin ang mga gawaing masusumpungan sa iba at maaari din namang pagyamanin ang nakagisnan na. Dahil dito, may kros-kultural na pag-aaral na tiyak namang kapaki-pakinabang sa institusyon upang lalong mapagyaman ang wika at kulturang Pilipino.

Sa punto ng mga mag-aaral, madalang sa kanila ang nagkukusang sumali sa mga programa at patimpalak pampanitikan at kultural. Malimit, napipilitan lamang sila dahil nahihiya sa mga gurong naghihikayat sa kanila. Nangyayari ito sapagkat, ayon sa kanila, mahina ang suporta ng administrasyon at ibang mga guro sa kanilang mga gawain, kalimitan ay kulang ang kanilang panahon sa pag-eensayo, at walang partikular na sistema ng pagbibigay ng gantimpala sa mga kalahok at mga nanalo. Sa ganitong mga sitwasyon, minamabuti na lang nilang huwag sumali upang hindi rin naman maperhuwisyo ang kanilang pag-aaral. Ang ilan naman ay natutuwa sa pagsali sa ganitong mga gawain sapagkat maliban sa kanilang mga personal na kadahilanan, ang mga unibersidad na ito katulad ng TSU ay nagbibigay ng allowance sa mga kalahok hindi lamang sa mga mag-aaral kundi pati na rin sa mga gurong tagapagsanay. Sapagkat magkakaiba ang pananaw at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa mga gawaing ko-kurikular, marapat na himukin ang mga ito at tulungang hagilapin sa kanila ang pagpapahalaga ng kanilang panitikan at kultura sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na suporta at sistemang gantimpala na nakadisenyo sa mga kalahok at nananalo. Sa ganitong paraan, mahihikayat ang mga mag-aaral na makibahagi sa mga patimpalak pampanitikan na sumasalamin ng kanilang kultura at tunay na pagka-Pilipino.

Sa kabilang dako, makikita sa Talahanayan 5 ang kabuuang antas ng gamit ng wikang Filipino sa mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo sa Rehiyon III:

**Talahanayan 5**
Mga Pang-institusyong Gawain at Antas ng Gamit ng Wikang Filipino


| Gawain | Bahagdan ng Gamit ng Wikang Filipino |
|---|---|
| Buwan ng Wika | 90% |
| Gawaing kultural | 74% |
| Intramyural | 68% |
| *Foundation Program* | 49% |
| Pagdiriwang ng Pasko | 48% |
| Araw ng Pagtatapos | 33% |
| Pagsulat sa publikasyong pangkampus | 18% |
| Pagsulat ng mga imbitasyon o programa | 11% |
| Pagsulat ng riserts sa iba't ibang kurso sa kolehiyo | 5% |
| Pagsulat ng mga guro sa publikasyong panriserts | 4% |
| Pagsulat ng mga komunikasyon at ulat (report) | 2% |

Naipamalas sa resulta ng pag-aaral na mas gamitin ang wikang Filipino sa paraang pasalita kaysa pasulat. Ang mga programang nangangailangan ng komunikasyong pasalita ay nagtamo ng matataas na bahagdan na malayong-malayo sa mga komunikasyong pasulat. Marahil sanhi ito ng tipikal na katangian ng isang wika sa Pilipinas na malimit pasalita ang paraan kaysa pasulat. Pagnilay-nilayan ang ibang wika tulad ng Iluko, Kapampangan, Pangasinense, Zambal, Visayan, Bikol, Waray, at iba pa na mas ginagamit sa paraang pasalita kaysa pasulat. Dagdag pa rito ang hindi nila pagkatutong magsulat sa unang wika. Maaari din namang sanhi ito ng pagiging mas gamitin ang wikang Filipino sa komunikasyong pasalita kaysa pasulat. Ngunit ang wikang Filipino ay wikang pambansa, wikang opisyal, isang asignatura at disiplina na dapat pagyamanin, kaya nararapat na magkaroon ng katanggap-tanggap na antas ng gamit sa paraang pasulat. Kaya sa kasalukuyang akademikong sitwasyon ng paggamit ng Filipino sa buong rehiyon, masasabing hindi pa ganap ang elaborasyon ng wikang Filipino sa akademikong konteksto.

**Mungkahing Akademikong Modelong Pangwika**

Sa kasalukuyang sitwasyon ng wikang Filipino sa rehiyon, iminumungkahi ng mananaliksik ang isang batayang akademikong modelong pangwika na magsisilbing pitak sa tunay na kaganapan ng pag-aaral na ito. Sa pamamagitan ng modelong ito, ang bawat pang-estadong unibersidad at kolehiyo sa rehiyon ay magkakaroon ng isang deskriptibong modelo na maaari nilang maging batayan sa kanilang mga programa at patakarang pangwika. Upang

makamit ang tunay na kaganapan nito, pokus ng deskriptibong modelong pangwikang ito ang apat na tunguhin at sa iba pang gawain ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo sa Rehiyon III: instruksiyon, pananaliksik, ekstensiyon at produksiyon maging sa mga gawaing ko-kurikular o ekstra-kurikular. Tunghayan ang eskematikong banghay ng iminumungkahing akademikong modelong pangwika:




**Pigura 2.** Eskematikong Banghay ng Mungkahing Akademikong Modelong Pangwika

**1. Pagpaplano**

Mula sa tipikal na ayos ng pagpaplano, isang alternatibong pagpaplano ang magaganap –mula sa ibaba pataas–isang pagbabago sa sistema ng pagpaplano. Magsisimula ang pagpaplano sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral ng bawat pang-estadong institusyon upang malaman kung ano ang nalalaman at nararanasang kasanayan nila sa wika at kung ano pa ang kailangan nilang malaman at maranasan pa. Ito ay malalaman lamang ng mga guro sa pamamagitan ng isang masusing pag-aaral at pagsusuri sa pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Magagawa ito sa pamamagitan ng mga pananaliksik, pagsusuri sa kanilang pangangailangan, at pagtalakay sa mga mag-aaral. Ang buong kaguruan ng Filipino ay marapat makisangkot sa ganitong gawain upang ang lahat ng mag-aaral ay makuhanan ng pahayag para sa dokumentasyon ng mga pangangailangan at pagsusuri nito. Kapag naisagawa na ito sa antas ng mga mag-aaral, marapat na magkaroon ng pagtalakay sa panig ng mga guro at mag-aaral. Kailangang anyayahan ng mga guro ang mga piling mag-aaral na makipagtalakayan sa kanila para sa pagdidisenyo ng isang programang pangwika. Sa pamamagitan nito, mababatid nang husto ang maaari at hindi maaaring isama sa mga patakaran na hindi naman mapeperhuwisyo ang tunguhin at layunin ng institusyon.

Sa disenyo ng programa, kinakailangang maipakita sa mga eksperto ng wika ang mga napagkasunduang patakaran at gawain. Dito makakukuha ng mga intelektuwal na komento upang lalong mapabuti ang disenyo ng programa. Kung ang mga mungkahi ay makabubuti para sa lahat, mainam na iayos pa ang disenyo bago tuluyang iakyat sa mga kinauukulan. Mainam na rin kung ang naisagawang disenyo ng programa ay idudulog sa mga administrador kasama ang mga grupong nakibahagi sa pagpaplano. Kung gayon, sa huling antas ng pagpaplano, marapat magkaroon ng isang intelektuwal na talakayan ang mga mag-aaral, guro, eksperto, mga administrador ng SUC at kinatawan ng CHED upang mailatag ang isang programang pangwika na tutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang mga kinauukulang administrador ay marapat makibahagi sa pagpaplano upang makuha at masiguro ang kanilang suporta at hindi maisasawalang bahala ang anumang tunguhin ng programa. Samantala, ang kinatawan ng CHED ay kailangang maisama sa pagpaplano upang masiguro na ang tunguhin at gawain ng programa ay hindi lalabag sa anumang patakaran o tataliwas sa anumang memorandum na inilabas ng Komisyon. Sa pamamaraang ito, magiging malakas ang posisyon ng wikang Filipino hindi lamang sa bawat institusyon kundi sa buong nasyon. Kung ating bibigyang halaga ang kontribusyon ng bawat kasapi sa pagpaplanong pangwika, hindi basta-basta maisasantabi ang wikang Filipino bilang isang asignatura sa antas tersiyarya.

Ang paglalarawan ay isang deskriptibo o alternatibong uri ng pagpaplano ng isang programa. Nag-uumpisa ang pagpaplano sa ibaba patungo sa itaas, isang paraan upang maging aktibo ang lahat sa pakikibahagi sa pagpaplanong pangwika. Ito ang magpapahina sa nakaugalian nang pagpaplano mula sa mga administrador o eksperto patungo sa mga tagatanggap na guro at mag-aaral. Ang pagpaplanong sangkap ay maliwanag na inter-aktibo at kumikilala sa kakayahan ng mga guro na makabuo ng isang disenyong pangwikang aakma sa mga mag-aaral na tatanggap nito.

**2. Disenyo ng mga Patakarang Pangwika**

Ang mga patakaran, ayon kay Abad (190), ay nagsisilbing malawak na pamantayan sa mga desisyon at kilos na kinakailangan sa pagkamit ng mga layunin ng organisasyon na nakapaloob sa mga planong nabuo. Ang modelo kung gayon ay naglalarawan ng isang programang pangwika na kinapapalooban ng mga patakaran nito. May malaking tungkulin sa pagtataguyod, pagpapayaman, at pagpapanatili ng wikang Filipino ang mga kasangkot na institusyon sa rehiyon. Upang matunghayan at masuri ang mga gawaing pangwika na isinagawa at isasagawa pa, inilalahad ng deskriptibong modelo ang programang pangwika sa apat na tunguhin at iba pang gawain ng institusyong pang-estado:

a. Instruksiyon

Ang antas ng talakayan sa programang ito ay ayon sa mga asignaturang napapaloob sa Kurikulum ng Programang Pangkolehiyo lamang. Subalit, kahit hindi nakaangkas ang ibang programang pandisiplina sa Filipino sa batsilyer at gradwadong antas, maaari din namang gawing basehan ang mga kurikular na gawain sa mga mas mataas pang pag-aaral sa Filipino.

Upang mabigyan ng makabagong instruksiyon ang mga mag-aaral sa iba't ibang larangan, narito ang mga panuntunang marapat maisagawa. Ang mga panuntunang hindi nakapaloob sa bahaging ito ay maaari din namang maisagawa nang may pagsasaalang-alang sa mga patakarang nauna nang nailatag ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon.

**Talahanayan 6**
Panuntunan sa Instruksiyon

| Panuntunan | Pagsasagawa |
|---|---|
| Regular na rebisyon ng silabus | Hindi dapat makontento ang mga guro sa mga nilalaman ng silabus. Kailangang magsagawa ng isang regular na pag-update sa mga ito upang magkaroon ng pagbabago o lalo na ang pagdaragdag ng mga kaugnay na paksa mula sa mga natutuhan sa gradwadong paaralan, sa mga nababasa sa mga aklat at saliksik, sa mga dinaluhang seminar-worksyap, kumperensiya, pagsasanay, at pagtalakay. |
| Komon at singkronisasyon ng mga silabus | Upang maiwasan ang problema sa inter-kampus o inter-kolehiyong lipatan, gawing komon ang mga silabus sa bawat asignatura sa Filipino upang tumugma ang mga ito sa singkronisasyon. |
| Kodipikasyon ng wikang Filipino | Upang makagawa ng iba pang kagamitang pampagtuturo, kailangang mapasok ng mga guro ang paggawa ng mga diksiyonaryo, aklat, workbuk, modyul, at iba pa. Layunin nitong mapalawak ang kagamitang pampagtuturo maliban sa mga nakapaloob sa silabus. Gamitin din ang wikang Filipino sa mga opisyal na komunikasyon sa mga akademiko at administratibong opisina sa loob ng unibersidad o kolehiyo. |
| Elaborasyon ng wikang Filipino | Isalin ang mga pangalan ng unibersidad, kolehiyo, at mga opisina; ang mga pilosopiya, tunguhin at layunin ng mga programa; mga babala, karatula o paunawa maging ang mga rehiyonal na panitikan upang lalong makamit ang elaborasyon ng wika. Gawing paksa at gawain ang pagsasaling-wika sa mga batayang kurso sa Filipino. Malaki ang maiaambag nito sa ibang programang nangangailangan ng pagsasalin mula Ingles tungo sa Filipino. |
| Pagpapayaman sa panitikan | Isama sa pagtuturo at pag-aaral ang mga rehiyonal o katutubong panitikan upang imulat at linangin sa mga mag-aaral ang pagpapahalaga at pagtangkilik sa kanilang katutubong kultura. Sa pagkalap ng mga katutubong piyesa, makapagsasagawa din ng ilang pag-aaral tungo sa pagbuo ng mga glosaryo sa unang wika at pagsasalin din naman sa wikang Filipino. |
| Pagpapaunlad sa mga kasanayang pangwika | Paunlarin ang kasanayang pangwika sa pamamagitan ng mga batayang kurso sa Filipino. Magpagawa sa mga mag-aaral ng mga pamanahong papel o pagtatanghal ng panapos na gawain upang maipamalas nila ang kanilang natutuhan sa buong semestre ng pag-aaral sa wikang Filipino. |

b. Pananaliksik

Tunguhin ng modelong ito na makilala ang Filipino bilang isang opisyal na wika at paksa ng pananaliksik sa lahat ng pang-estadong institusyon. Mapapansin ang kakulangan ng mga reperensiyang artikulo, tesis, at disertasyon para sa mga mag-aaral na nasa batsilyer at gradwadong antas. Ingles ang wikang kinikilala sa pananaliksik at masusumpungan lamang ang Filipino sa mangilan-ngilang pag-aaral sa pagpapakadalubhasa sa Filipino, at alternatibong wika naman ito sa mga pananaliksik sa kasaysayan at sikolohiya. Maaaring isaalang-alang ang sumusunod upang maging kaaya-aya ang pananaliksik gamit ang wikang pambansa:

**Talahanayan 7**
Panuntunan sa Pananaliksik

| Panuntunan | Pagsasagawa |
|---|---|
| Paggamit ng bagong ortograpiya | Gamitin ang binagong edisyon ng ortograpiya mula sa Komisyon sa Wikang Filipino. Magkaroon ng mga kumperensiya at worksyap upang magkaroon ng kamalayan sa ortograpiyang Filipino ang mga mananaliksik sa antas batsilyer at gradwadong pag-aaral maging sa mga gurong mananaliksik sa erya ng siyensiya at teknolohiya at riserts sa agham panlipunan at mataas na edukasyon. |
| Kilalanin ang Filipino bilang wika at paksa ng pananaliksik | Gawing opisyal at hindi alternatibong wika ang Filipino sa kahit anong erya ng pananaliksik: siyensiya at teknolohiya at agham panlipunan at mataas na edukasyon. Obligado lamang itong hindi dapat magamit sa mga pag-aaral sa Ingles. Sa ganitong sitwasyon, mas madali ang pagpapabatid ng mga resulta ng pag-aaral sa buong komunidad. Dagdag nito, marapat na palawigin ang pag-aaral sa mga paksang naayon sa wika mula sa dimensiyong linggwistik, sosyolinggwistik, sikolohikal, edukasyonal, politikal, at ekonomik. |
| Bumuo ng mga pang-institusyonal na jornal sa Filipino | Bumuo ng mga eksklusibong jornal na maglalathala sa mga saliksik na nasusulat sa wikang Filipino. Hikayatin ang mga guro at mag-aaral na magsagawa ng mga pananaliksik gamit ang wikang Filipino o kaya naman ay isalin ang anumang maisasagawa sa Ingles para sa kapakinabangan ng mga mananaliksik sa hinaharap, mga mag-aaral, guro, at maging ang komunidad. |
| Pagsasanay sa pagsasaling-wika | Isang masikhay na pag-aaral at pagsasanay sa pagsasaling-wika ang dapat maipaabot sa mga mag-aaral at guro sa antas batsilyer at gradwado. Sa pagsasagawa ng pananaliksik sa Filipino, ang pagsasalin mula Ingles tungo sa Filipino ay sadyang kailangan at hindi maiiwasan sapagkat malayong mas maraming mga reperensiya ang nasusulat sa Ingles na kapaki-pakinabang para magamit sa mga kaugnay na panitikan at pag-aaral. |

c. Ekstensiyon

Nakapokus ang mga programa ng ekstensiyon sa pagbibigay impormasyon at pagtulong sa mga mamamayan sa labas ng unibersidad o kolehiyo. Dapat umiiral ang wikang Filipino at bernakular sa pagsasagawa ng mga programang pangkomunidad gaya ng seminar-worksyap at pagsasanay, implementasyon ng mga proyektong ekstensiyon, maging sa pagpapalaganap ng mga bagong tuklas na karunungan sa siyensiya at teknolohiya, at resulta ng pag-aaral ssa agham panlipunan at mataas na edukasyon. Dagdag pa rito, marapat na makagawa ang opisina ng ekstensiyon ng mga *brochure*, pahayagan, magasin o journal na nakasulat sa Filipino upang maipamudmod para mas madali at mabisa ang paghahatid ng impormasyon sa mga mamamayan sa komunidad. Sa pamamagitan nito, higit na mapaiigting o mapalalaganap ang programang ekstensiyon ng bawat pang-estadong unibersidad at kolehiyo sa rehiyon.

d. Produksiyon

Naipababatid nang husto ang mga bunga ng pag-aaral at bagong teknolohiya sa pamamagitan ng wikang Filipino. Sa mga ordinaryong mamamayan, higit itong epektibo sa pag-aanunsiyo ng mga ibinebentang produktong nalikha ng institusyon. Tulad sa ekstensiyon, lalong matagumpay ang tunguhin ng programa kung makagagawa ng mga pamplet, brosyur, pahayagan, magasin, o journal na nakasulat sa wikang Filipino.

Sa mga pang-estadong institusyon, gaya ng Unibersidad ng Pilipinas, isang magandang panghikayat sa mga guro ang pagbibigay sa kanila ng gantimpala sa anumang lathalaing magagamit sa pagtuturo at pagkatuto sa wikang Filipino.

e. Ko-kurikular o Ekstra-kurikular

Ang sumusunod na talahanayan ay kinapapalooban ng mga gawaing maaaring isagawa upang higit na mapaigting ang pagpapahalaga sa wika at kultura. Ilan lamang ang mga ito sa mga gawaing dapat isaalang-alang upang makomplemento ang kurikulum. Magiging daan ito upang lalong mahasa ang kasanayang pangwika ng mga mag-aaral at mapaigting din sa diwa ng bawat isa ang pagpapahalaga sa wika at kultura.

**Talahanayan 8**

Mga Gawaing Ko-kurikular o Ekstra-kurikular

| Mga Gawain | Pagsasagawa |
|---|---|
| Pagpapahalaga sa wikang Filipino sa publikasyong pangkampus | Gawing 50-50 ang kabuuang bahagdan ng paggamit ng Ingles at Filipino sa mga publikasyong pangkampus. Dito masisilayan ang pantay na pagpapahalaga sa dalawang wika upang makahikayat ng mga manunulat na mag-aaral at guro sa Filipino. Dito mapapawi ang higit na pagkiling sa wikang Ingles at mabigyan ng angkop na posisyon ang Filipino sa publikasyong pangkampus. |
| Pagbuo ng mga organisasyong eksklusibo para sa mga manunulat sa Filipino | Institusyonal at rehiyonal na antas, isang organisasyon ng mga mag-aaral at gurong manunulat sa Filipino ang dapat mabuo. Tunguhin ng organisasyon na malinang nang husto ang kakayahang malikhain at teknikal na pagsulat at makalikha ng mga makabagong manunulat sa rehiyon. |
| Pakikibahagi tuwing Buwan ng Wika | Isangkot ang lahat ng kolehiyo at opisina ng institusyon sa mga gawain tuwing pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Hikayatin ang lahat ng kolehiyo at opisinang makiisa at makibahagi sa pagdiriwang sa wikang nagbubuklod sa lahat ng mamamayan sa bansa. Marapat na isang gawaing pang-unibersidad ang pagdiriwang at hindi selektib lamang. Maaari ding ipatupad sa buong institusyon ang hindi pagsasalita ng Ingles *(English blackout)* upang maiba naman at maging ganap ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika. |
| Pagsasagawa ng mga bagong gawaing ko-kurikular | Maliban sa mga kinagawiang ko-kurikular, magsanay at magtanghal ng iba pang gawain sa Filipino. Institusyonal at rehiyonal na antas, magsagawa ng mga patimpalak sa pagsasalin ng mga himno ng unibersidad o kolehiyo gamit ang wikang Filipino, pagsulat ng iskrip-sayaw *(dance script)* mula sa isinaling katutubong panitikan, at pagsulat akrobatiko gamit ang mga letra ng pangalan ng mga pangulo bilang pagpaparangal sa kanila. |
| Pagiging regular ng pagtatanghal sa mga palabas kultural | Sikaping maging regular ang pagtatanghal ng mga palabas kultural gaya ng Sayawit at Sayaw-dula. Buhayin din at regular na itampok ang Balagtasan upang lalong mapahalagahan ang kultura at wikang minana. |
| Pagsasagawa ng mga kumperensiya, seminar-worksyap, at pagsasanay sa Filipino | Kulang sa pagsasanay sa wikang Filipino ang mga mag-aaral. Bunsod na rin ito ng mga institusyong hindi nagsasagawa ng mga kumperensiya, seminar-worksyap, at pagsasanay sa Filipino para sa mga mag-aaral. Mainam na isama ito sa mga taunan at matagalang pagpaplano ng mga guro. Sikapin ding makabuo ng mga organisasyon sa Filipino na maging katuwang sa pagbuo at pagsasagawa ng mga akademikong gawain. |
| Pagbibigay ng mga nararapat na gantimpala para sa mga mag-aaral | Kilalanin nang husto ang mga mag-aaral na nakikisangkot at nananalo sa mga pampanitikan at kultural na gawain. Dito lamang mababawi ang pagod at pagsisikap sa pagpapalaganap ng wika at kulturang Pilipino. Sa paraang ito, lalo silang mahihikayat na makibahagi sa mga ko-kurikular na gawain sa Filipino. |

**3. Konsultasyon at Diseminasyon**

Pangatlong yugto ng mungkahing modelong pangwika ang konsultasyon at diseminasyon. Mauuna nga lamang na maisasagawa ang konsultasyon sa mga nabalangkas na programang pangwika bago ang tuluyang diseminasyon nito. Marapat na magkaroon ng paghihimay sa mga napapaloob na mga gawaing pangwika at mailahad ito sa mga administrador, eksperto, guro, at mag-aaral sa antas institusyonal bago ito mailahad sa antas rehiyonal at nasyonal, kung kinakailangan. Anumang mungkahing maibigay ng mga sangkot sa konsultasyon ay marapat mapag-aralan, masuri, at kung kapaki-pakinabang ay maisama sa programang pangwika. Mahalagang salik ito sa pagpaplano sapagkat walang matagumpay na patakarang hinubog lamang ng isang kamalayan, marapat itong mabuo ng mga taong kasangkot sa pagpapatupad at pagsasakatuparan nito (Richards 42). Samantala, ang konsultasyon ay nagdidikta nang bahagya o inisyal na diseminasyon sa balangkas ng programa, subalit ang ganap na diseminasyon nito ay dapat maisakatuparan upang maging malinaw, tumpak at buo o kompleto ang impormasyong maipapahayag tungo sa ganap na implementasyon nito.

**4. Implementasyon**

Isa ring pangunahing gawain ang implementasyon ng mga patakaran. Bigyang-pansin ang pagpapatupad dahil walang tiyak na kaganapan ng mga plano at programa kung hindi ito maisasagawa nang maayos. Subalit, hindi lamang dapat implementasyon ang hangganan nito. Nangangailangan ito ng sapat na pondo upang maisakatuparan ang lahat ng gawain. Ang pondo ang kalimitang suliranin sa kaganapan ng mga tunguhin at gawain ng isang programa subalit hindi ito magiging balakid kung lubos ang suporta ng mga administrador sa programang Filipino. Ang kanilang suporta ay masusumpungan sa kanilang pag-aproba sa mga gawain at pagbibigay ng pondo. Kapag ang mga guro ay nagnanais magsagawa ng pananaliksik patungkol sa wika, maglabas ng journal sa Filipino, magsagawa ng mga paligsahan, magdaos ng mga seminar patungkol sa wikang Filipino at pagtuturo nito o iba pang gawaing nangangailangan ng pondo, hindi maikakaila na ang pondo ang nagbibigay kaganapan sa anumang tunguhin at gawain ng mga gurong tagapagsulong ng wikang Filipino.

Maliban sa pondo, kailangan din ang masusing pagsubaybay o pagmomonitor sa mga naisagawa nang bahagi ng mga patakaran bilang kalakip ng pamamahalang pangwika. Sa pamamaraang ito masisiguro ang kaganapan ng mga gawain. Samantala, hinihingi rin ng programa ang pamamahala rito kaya maliban sa Komisyon sa Wikang Filipino, marapat makabuo ng isang lupon ng mga eksperto sa Filipino sa Rehiyon III. Isang kinatawan ng bawat pang-estadong unibersidad o kolehiyo ang dapat kasama sa grupong ito upang maging katuwang sa implementasyon ng programang pangwika. Hinihimok din ang ilang administrador sa mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo na walang eksklusibong Departamento ng Filipino na pag-isahin ang lahat ng mga guro sa Filipino sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng isang akademikong tanggapan, opisina, o departamento na mamamahala at magsusulong sa mga programang pangwika ng bawat institusyon. Ang pagkilala sa mga ganitong tanggapan ay dapat mabigyan ng sapat na suporta upang maging masikhay ang implementasyon ng programa.

**5. Ebalwasyon**

Ang konsepto ng ebalwasyon ang malimit isinasantabi sa alinmang programang pangwika. Sanhi ito ng mga rasyonal at politikal na dahilan lalo na at may kaugnayan sa malakihang gastusin. Kung kaya, ang mga programa ay laging nagtatapos sa implementasyon at nakakalimutan o napapabayaan ang aspektong ebalwasyon. Sa isang akademikong modelong pangwika, ito ang huling yugto ng proseso subalit hindi ito nangangahulugang hangganan kundi umpisa na naman ng ibang gawaing siyang maglilinang, magpapaunlad, magpapalakas at magpapatuloy sa kabuuang proseso ng programang pangwika.

Ang resulta ng ebalwasyon ang siyang magsasabi kung anong uri ng gawain ang dapat maisagawa sa pagpapatuloy ng programa. Kung naging maganda ang kinalabasan ng ebalwasyon, marapat na paigtingin, palakasin at lalong pagyamanin. Subalit kung may mga kahinaan man ang programa, nangangailangan ito ng muling pagpaplano at pagsasaayos ng mga patakaran at gawain. Tunguhin ng ebalwasyon na alamin ang kahalagahan ng akademikong programang pangwika. Nagsisilbi itong batayan sa pagdedesisyon at pagpapaunlad ng programa sa hinaharap.

**Kongklusyon at Rekomendasyon**

Ang tunay na kaganapan ng kurikulum sa Filipino maging ang mga gawaing ko-kurikular ay nakasalalay sa bisang taglay ng mga patakarang naipatutupad sa nasyonal, rehiyonal, at higit sa lahat sa institusyonal na konteksto. Hindi pa ganap na naaabot ang tunay na tunguhin o lawak ng programa sa Filipino lalo na at walang pormal, tiyak, at malinaw na pagpaplanong pangwika sa bawat pang-estadong unibersidad at kolehiyo sa rehiyon. Sa patuloy na pagbuo ng mga bagong kaisipan sa konteksto ng kurikulum nang may mataas na pagpapahalaga sa wika at kultura, mabibigyang-saysay ang tunay na kaganapan ng wikang Filipino sa isang akademikong aspekto. Kaya, ang pag-aaral ng wika ay hindi dapat nakahiwalay sa pagpapahalaga sa kultura at sa paglalalapat sa tunay na gamit ng wika. Samakatwid, nangangailangan ang kurikulum ng mga gawaing magbibigay-diwa o kaganapan nito – ang ko-kurikular na aspekto ng pag-aaral ng wika at kultura.

Upang magkaroon ng koneksiyon ang bawat punto ng layunin, ang isang mungkahing akademikong modelong pangwika ay marapat na nakaangkla sa mga simulaing gumagabay o nakapokus sa pagkakabuo nito. Mula sa deskriptibong pagpaplano at pagbuo ng mga patakarang pangwika sa apat na tunguhin at iba pang programa ng mga pang-estadong institusyon hanggang sa isang masikhay na diseminasyon, implementasyon, at ebalwasyon nito, mapagtitibay ang malaking pagpapahalaga sa pagpapaunlad ng wikang Filipino. Walang mga modelo at patakaran ang makapagtutuldok sa patuloy na pag-aaral at pagsasakatuparan ng mga programang pangwika.

Sapagkat ang programang Filipino ay patungo sa bagong disenyo ng kurikulum, mga panibagong kurso na naglalayong hubugin ang bawat mag-aaral sa kanilang katatasan sa wika, marapat na isaalang-alang ang kinalabasan ng pag-aaral na ito. Ito ang magiging basehan sa patuloy na paglinang at pagsasaayos ng mga nasumpungang kakulangan

ng programang Filipino. Dahil ang pag-aaral ay limitado lamang sa Rehiyon III, maaaring magsagawa ng masusing pag-aaral sa programang Filipino sa iba't ibang rehiyon ng bansa upang mapagtagpi-tagpi ang resulta at magkaroon ng kabuuang paglalarawan sa programang Filipino. Sa paraang ito, magkakaroon ng isang malawakang pagsusuri, pagsasaayos, at pagpapaigting sa wika at kultura.

## MGA SANGGUNIAN


Abad, Melania L. "Panimulang Pagsusuri sa Patakarang Pangwika ng Unibersidad ng Pilipinas." Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng SangFil. Ed. Pamela C. Constantino. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2005 189-196. Limbag.

Bell, Roger T. Translation and Translating: Theory and Practice. UK: Longman Group, 1991. 23-5. Limbag.

Bobbit, John Franklin. The Curriculum. Boston, USA: Allyn & Bacon, Inc., 1918. Limbag.

Brown, James Dean. Elements of Language Curriculum: A Systemic Approach to Program Development. Boston: Heinle and Heinle Publishers, 1995. Limbag.

Calmorin, Laurentina P. Educational Research Measurement and Evaluation, Second Edition. Manila: National Book Store, 1994. 26. Limbag.

Constantino, Pamela C. "Riserts at Iskolarship sa Pagpaplanong Pangwika: Adyenda sa Bagong Milenyum." Sa Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng SangFil. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2005. 23-29. Limbag.

--- "Ang Filipino sa Binagong Kurikulum sa Sekundarya at Tersiyarya at ang Tunguhin ng Edukasyong Filipino" Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng SangFil. Ed. Constantino, Pamela C. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2005. 168-173. Limbag.

Fishman, Joshua A. Advances in Language Planning. The Netherlands: Mouton & Co. N. V., The Hague, 1974. 80-81. Limbag.

Gonzalez, Andrew B. "Evaluating Bilingual Education in the Philippines: Towards a Multidimensional Model of Evaluation in Language Planning." Readings in Philippine Sociolinguistics, Pangalawang Edisyon. Ed. Ma. Lourdes S. Bautista Manila: De La Salle University Press, 1996. 327-340. Limbag.

--- "Pagpaplanong Pangwika at Intelektuwalisasyon." Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng SangFil. Isinalin ni Dr. Pamela C. Constantino (Ed.) Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2005. 232-243. Limbag.

Jocson, Schedar D. "Ang Kahalagahan ng Palisi't Institusyon sa Pagpapayaman ng Wikang Filipino Bilang Wika ng Pananaliksik: Panayam kay Dr. Sergio S. Cao." Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, Vol. 19 No. 1, 2013. 73-95.108-18. http://www.journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/3677/3385. Web. Inakses noong 15 September 2018.

Liwanag, Lydia B. "Pagpaplanong Pangwika sa Edukasyon: Karanasan ng Filipinas, Singapore, at Hong Kong." Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng SangFil. Ed. Pamela C. Constantino. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2005. 42-51. Limbag.

Magracia, Emma B. "Pamamahala at Patakaran sa Filipino ng Mindanao State University: Filipino bilang Kurikular na Pangangailangan." Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng SangFil. Ed. Pamela C. Constantino. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2005. 175-178. Limbag.

Pineda, Ponciano B. P. "Pagpaplano ng Wika Ukol sa Pambansang Pagsulong." Readings in Philippine Sociolinguistics, Pangalawang Edisyon. Ed. Ma. Lourdes S. Bautista. Manila: De La Salle University Press, 1996. 254-268. Limbag.

Richards, Jack C. Curriculum Development in Language Teaching. Cambridge: Cambridge University Press, 2001. Limbag.

Rio-Apigo, Ma. Victoria. "Ang Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas Bilang Aktibong Tagapagsulong ng Wikang Filipino." Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng SangFil. Ed. Pamela C. Constantino. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2005. 179-188. Limbag.

Rodgers, Theodore S. From Syllabus Design to Curriculum Design. USA: University of Hawaii, Oahu, Hawaii, 1989. Limbag.

Talegon, Vivencio Jr. M. "Tungo sa Pagbuo ng Patakaran at Programa sa Wika para sa University of Asia and the Pacific." Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng SangFil. Ed. Pamela C. Constantino. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2005. 197-206. Limbag.

Tarun, Jaine Z. (2005). "Pagpaplanong Pangwika para sa Pambanasang Wika ng Isabela State University." Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng SangFil. Ed. Pamela C. Constantino. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2005. 207-218. Limbag.

Viray, Eunice T. "Pagpaplanong Pangwika sa Palawan State University." Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng SangFil. Ed. Pamela C. Constantino. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2005. 219-223. Limbag.